COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-18 ng Agosto, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

ANG PAGBOTO SA KOREO AY SIMPLE, CONVENIENT, AT SECURE

Habang ang mga balotang pangkoreo ay nagsisimulang dumating sa mga mailbox sa buong County ng San Diego, ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ay hinihikayat ang mga botante na botohan ang kanilang balotang pangkoreo at bumoto ng maaga.

Mahigit sa 1.96 milyon na mga balotang pangkoreo para sa Ika-14 ng Setyembre na Gubernatoryal na Recall na Eleksyon ay napadala na sa mga nakarehistrong botante simula ng linggong ito.

Ang Pagboto sa pamamagitan ng koreo ay:

- **SIMPLE:** Isang balotang pangkoreo, mga instruksyon at isang “Bumoto Ako” na sticker ay kasama sa pakete ng balotang pangkoreo.
- **CONVENIENT:** Gumawa ng mga desisyon sa pagboto at markahan ang inyong balota ng maginhawa sa inyong tahanan.
- **SECURE:** Pirmahan at petsahan ang inyong sobre, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob at ibalik ito ng postage free sa isang pinagkakatiwalaang source:
    - Ibalik ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo. Para sa isang lokasyon na malapit sa inyo, bisitahin ang website ng opisina ng U.S. Postal Service o collection box.
    - Ibalik ito sa isa sa 131 na mga lokasyon ng mail ballot drop-off sa buong county. Hanapin ang pinakamalapit sa inyo sa pamamagitan ng pagbisita sa online locator tool ng Tagapagrehistro.
    - Ibalik ito sa opisina ng Tagapagrehistro kung saan ang maagang pagboto ay isinasagawa na mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes.

Kung pinaplano ninyong i-drop off ang inyong balotang pangkoreo o bumoto nang in-person, hinihikayat namin kayong magsuot ng face covering, panatilihin ang kumportableng distansya at iwasan ang pagtitipon sa mga grupo.

COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-18 ng Agosto, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Ang mga botante na nagbalik ng kanilang balotang pangkoreo sa pamamagitan ng U.S. Postal Service ay maaaring nilang i-track sa pamamagitan ng pag-sign up para sa "Nasaan Ang Aking Balota?".

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa pagboto sa darating na Recall na Eleksyon, bisitahin ang sdvote.com o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTYNEWSCENTER